



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Marso 8, 2021
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Erin DeMerritt - 415.517.4147

Lupon ng Air District, Nagtalaga ng mga miyembro ng Steering Committee para sa Komunidad ng Richmond-North Richmond-San Pablo

Tutulong ang mga miyembro ng komunidad na gabayan ang pagbuo ng mga planong pagbawas sa mga emisyon ng komunidad

SAN FRANCISCO – Ngayong araw, inanunsyo ng Mga Lupon ng Direktor ng Distrito ng Bay Area Air Quality Management District (Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ang pagkakabuo ng isang steering committee ng komunidad para tumulong sa paggabay sa pagbuo ng *Planong Pagbawas sa Emisyon ng Komunidad* para sa lugar ng Richmond-North Richmond-San Pablo.

Sa ilalim ng Programang Pangangalaga ng Kalusugan sa Komunidad ng Air District, napili ang lugar ng Richmond-San Pablo bilang isang prayoridad na komunidad dahil sa mataas nitong naiipon na pasanin na pagkakalantad sa pagpaparumi sa hangin. Alinsunod sa Panukalang-batas ng Asembleya 617 ng California, inaatasan ng estado ang mga lokal na air district na makipagtulungan sa mga pinakaapektadong komunidad sa mga programa ng pagbabawas ng emisyon at/o mga kampanya ng pagsubaybay sa kalidad ng hangin.

“Nasasabik na kaming makipagtulungan sa steering committee para magamit ang kakayahan ng komunidad na matugunan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa Richmond at San Pablo,” ayon kay Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pagtutulongan na ito ay bubuo ng pagkilos na lokal na pinasimulan sa komunidad para pahasayin ang kalidad ng hangin para sa mga darating na henerasyon.”

“Mayroon na tayo ngayong steering committee na binubuo ng mga taong mula sa iba't ibang background, na magiging instrumento para tulungan tayong mabawasan ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan sa isang lugar na dati nang nakaranas ng hindi makatarungang mataas na pagkakalantad sa pagpaparumi sa hangin,” ayon kay Cindy Chavez, chair ng Mga Lupon ng Direktor ng Air District.

Kasama sa mga itinalagang miyembro ng Steering Committee ng Komunidad sina:

- Alfredo Rafael Angulo-Castro
- Amanda Booth
- Arto Rintella
- Bret Andrews
- Darlena David
- Darlene Rios Drapkin
- Dave Severy
- Erika Ramirez
- Fabiola Reyes
- Francisco Avila
- Gloria Ruiz
- Hakim Johnson
- Heidi V Swillinger
- Henry Clark

- Jeffrey L Kilbreth
- Jessica Range
- Jim Holland
- Kevin Ruano Hernandez
- Lizbeth Ibarra
- Lizette Bernal
- Lucia Castillo
- Micaela Zaragoza-Soto
- Nancy Aguirre
- Omoniyi Omotoso
- Patricia A. Daniels
- Phillip Mitchell
- Roberta Feliciano
- Suzanne Coffee
- Vernon Whitmore
- Yanad Burrell

Noong Setyembre, inilabas ng Air District at ng isang komite ng mga indibidwal kasama ang mga organizer ng komunidad, advocate sa hustisya sa kapaligiran, at grupo ng kapitbahayan, pati na rin mga stakeholder sa edukasyon, pampublikong kalusugan, pamahalaan, at industriya sa Richmond-North Richmond-San Pablo, ang *Daan Patungo sa Malinis na Hangin (Path to Clean Air)*, ang pinakaunang plano sa pagsubaybay sa hangin na tumutukoy sa heograpikong hangganan para sa pagsubaybay sa hangin, mga dapat tutukan sa pagpaparumi sa hangin, at mga layunin sa pagsubaybay sa hangin. Ang kasalukuyang pagsubaybay at mga resulta mula sa planong ito ay magagamit na batayan para sa bagong planong pagbawas sa emisyon, pati na rin sa iba pang kasalukuyang pagsisikap sa pagpapaganda ng kalidad ng hangin sa labas ng AB 617 na proseso.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

###

Air District Communications Office
 375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)